

Mga Patnubay sa Paghihiwalay ng Monkeypox

Mga tagubilin para sa mga taong nagpositibo sa orthopoxvirus o monkeypox.



Humiwalay hanggang sa malunasan ang lahat ng mga sugat, natanggal ang mga langib, at isang bagong layer ng buong balat ang nabuo (karaniwan ay 2-4 na linggo).



Manatili sa bahay maliban kung kinakailangan para sa mga emergency o follow-up sa pangangailangang medikal.



Kung maaari, gumamit ng hiwalay na banyo kung may iba pang nakatira sa iisang tahanan.



Magsuot ng may pinakaangkop na mask o respirator kung kailangan mong makasama ang ibang tao sa bahay.



Regular na linisin at disimpektahin ang mga pangkaraniwang nahahawakan gamit ang isang EPA-registered disinfectant.




Maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig at gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% na alkohol.



Umiwas mula sa lahat ng sekswal na aktibidad.



Iwasan ang malapit na pakikipag-ugnayan sa ibang tao at mga alagang hayop sa bahay.



Iwasan ang paggamit ng mga contact lens upang maiwasan ang impeksyon sa mata.



Iwasan ang pag-ahit sa mga bahagi ng katawan na may paltos o sugat upang maiwasan ang pagkalat ng virus.

